

CHAPTER *One*

Pinahid ni Yara ang pawis sa noo at niyuko ang dalawang taong gulang na batang babae. Payat ito kahit pa matangkad para sa edad nito. Magkamukha sila; looks that they got from their mother.

Tumigil na ito sa pag-iyak at tila nakuha ng bagong kapaligiran ang atensyon. Ang malaking bahagi ng opisina ay yari sa salamin na nakatanaw sa bahagi ng Cebu. Tanaw niya ang ilang empleyado sa kabilang bahagi mula sa reception area. Lahat ay abala at walang pumapansin sa kanila. Maging ang receptionist na pinaghihintay sila ay tila nakalimutan na rin sila.

Gamit ang naipong pera ay bumiyahе sila

patungong Cebu derecho sa nakuhang address. Mula pagbaba ng taxi ay panay na ang iyak ng bata dala marahil ng pagod sa biyahe at gutom. Bago sila umakyat ng building ay binilhan niya ito ng biscuit at inumin. At ngayon, habang kumakain ay panay ang linga nito sa paligid.

Mahigit dalawang oras na silang naghihintay. Kung hindi sila haharapin ng kanilang sadya, o kung mali ang impormasyong nakuha niya, wala silang tutuluyan dito sa Cebu. *Ngunit hindi puwedeng magkamali ang impormasyon nila, she thought confidently.*

Tumayo si Yara at muling lumapit sa receptionist. “Miss... Si Mr. Montes, available na kaya? Puwede bang tawagan mo ulit ang sekretarya niya?”

Nawala ang palakaibigang ngiti nito at muling pumindot ng numero sa aparato sa tabi nito.

“Ma’am Vicky... okay na ba ’yung meeting ni Boss?” tanong nito sa kausap.

“Pakisabi si Yara,” aniya na hindi naman nito sinunod.

“Sorry, Miss. Hindi pa rin tapos ang meeting,” walang simpatiyang anito. Ibinalik nito ang atensyon sa ginagawa.

Nilinga ni Yara ang bata bago muling bumaling

sa babae. “Please, importante lang. Pagod na ang kasama kong bata.”

“Alam mo, Miss, dapat kasi nagpa-appointment ka. Subukan mong bumalik na lang bukas at baka maisingit ka. Kung hindi naman, iwan mo pangalan mo para mai-set ka ng appointment. Mga next week, sigurado na iyon.”

Hindi niya masabi na sapat lang ang pera niya at kung magho-hotel sila ay baka kulangin. Hindi puwedeng next week pa sila harapin ni Troy.

Naiiyak na muli siyang naupo sa tabi ni Annie. “Antok na, Ate...” anito kasabay ng paghikab. Isinukbit niya ang backpack bago ito kinalong.

Alas cuatro na ng hapon at hindi pa siya kumakain. Muli siyang lumapit sa receptionist.

“Yara Santos ang pangalan ko. Tatlong beses ko nang sinabi iyon sa ’yo. Kailangan kong makausap si Troy sa lalong madaling panahon.” Tila nang-iinsulto ang ibinigay nitong ngiti. “At alam mo, Miss, hindi ka dapat nakapuwesto diyan sa reception. Kapag nalaman ni Troy kung paano mo kami trinato, ipatatanggal kita sa posisyon mo,” may galit na asik niya bago mabilis na tumalikod. She felt small.

“Kuya, anong oras pumapasok si Troy?” tanong niya sa guard bago lumabas ng gusali. Mas

palakaibigan ito kaysa sa receptionist.

“Si Mr. Montes po?”

“Oo, Kuya... di ba, sa kanya ang building na ito?” Nilinga pa niya ang apat na palapag na gusali.

Tumango ang guwardya. “Depende ho kung may meeting, pero madalas alas nueve.”

Nakangiting nagpasalamat si Yara at lumabas na ng gusali karga ang tulog nang si Annie.

Sa isang mumurahing hotel malapit sila nag-check in. Masikip pero malinis at ang importante, may aircon. Inilapag ni Yara sa maliit na kama ang bata bago ito pinalitan ng damit. Mabilis siyang nag-shower at nagbihis pagkatapos.

Naupo siya sa gilid ng kama at binuksan ang isa pang biscuit at marahang kumain.

Nang sabay na mamatay ang mommy niya at stepfather mula sa isang road accident mahigit isang taon na ang nakaraan, siya na ang tumayong magulang ng half-sister na si Annie.

Madali lang sana ang lahat kung ang maalwang buhay nila ay hindi nagbago nang mawala ang kanyang mga magulang. Hindi niya akalain na naubos ang savings ng dalawa nang ipanganak si Annie. Premature ito at mahina ang puso. Halos limang buwan ito sa hospital at inoperahan

makalipas ang isang taon. Ang bahay at sasakyan nila ay kinuha na ng bangko. Samantalang ang itinayong negosyo ng mag-asawa ay inangkin ng partner ng mga ito, ang nag-iisang kapatid mismo ng stepfather ni Yara. Tumanggi rin itong patuluyin sila sa bahay nito dahil sa pagtutol ng asawa nito.

Ang tanging taong tumulong sa kanya ay ang kaibigang abogado ng kanyang stepfather. Ilang buwan silang nanatili sa poder nito bago ito pumanaw noong nakaraang buwan lamang. Iniwanan din siya nito ng maliit na halaga lingid sa kaalaman ng mga anak nito. Magkatulong silang naghanap ng impormasyon upang matunton si Troy.

Nang pumanaw ang abogado sa atake sa puso, pinaalis sila ng mga anak nito na pinag-isipan pa si Yara na kerida ng lawyer. Wala na siyang pagpipilian kundi sundan ang impormasyong nagtuturo kay Troy. Ang pamilya ng mommy niya ay nasa Mindoro at hindi siya sigurado sa daratnan doon dahil matagal nang walang komunikasyon ang ina sa mga iyon.

Kaya ngayon ay narito sila sa Cebu.

Pinahid ni Yara ang luhang pumatak at suminghot. Malaki ang atraso niya kay Troy pero kailangan niyang kapalan ang mukha para kay

Annie.

Ang plano niya, iiwanan niya si Annie kay Troy at maghahanap siya ng trabaho. Kahit tapos siya ng kursong Marketing ay hindi pa naranasan ng dalaga na magtrabaho. O mas tamang sabihing hindi siya nagkaroon ng pagkakataong makapagtrabaho.

Umayos si Yara ng puwesto nang kumilos si Annie at magmulat ng mga mata. Ang sabi ng mommy niya, para silang pinagbiyak na bunga. Parehong bilugan ang mga mata, maliit ang ilong at makipot na mga labi. At kahit parehong unat ang buhok, ang buhok niya ay itim na itim samantalang tila mais ang kay Annie. At kung maputi na sya, higit itong maputi.

“Ate...” Inabot siya nito.

Nahiga siya sa tabi ng paslit at niyakap ito. Masuyo niyang hinaplos ang buhok nito.

“Shh... sleep lang,” bulong niya.



Maaga siyang nagising kinabukasan. Naghati sila ni Annie sa sinangag, hotdog at itlog na in-order niya, bago naligo. Nilakad lang nila ang building ni Troy at wala pang alas ocho ay nasa ibaba na.

“Nandiyan na ba si Mr. Montes?” tanong niya sa guard.

“Wala pa ho. Puwede na kayong pumanhik para doon maghintay.”

Nang maalala ang receptionist ay umiling si Yara. “Napakasungit ng receptionist, Kuya. Puwede bang pakituro mo na lang sa akin ang sasakyan ni Troy?” pakiusap niya.

Tila naawa ang lalaki at tumango. Pinahiram siya nito ng silya at naupo sila ni Annie sa malilim na bahagi.

May kalahating oras na silang naghihintay at medyo naiinip na ang bata. Tumayo si Yara upang tumawid sana sa malapit na convenience store nang sumenyas ang guwardya at ituro ang kakalampas lang na itim na pickup. Binuhat niya si Annie at tumakbo pasunod sa sasakyan kasabay ng pagtawag kay Troy. Pero pumasok na ito sa parking area.

“Ma’am, baka ho masagasaan kayo...” awat ng guard nang tangkain niyang makipagpatintero sa paparating na sasakyan. “Umakyat na lang ho kayo sa itaas. Mabait ho ang sekretarya ni Boss.”

“Ayaw nga akong papasukin ng receptionist, Kuya,” maluha-luhang sabi niya.

Tila naantig naman ang puso ng guwardya. “Sige ho, iraradyo ako sa security sa itaas.”

“Pakisabi ‘Yara Santos’ ho.”



Hindi agad bumaba ng sasakyan si Troy. Muli siyang lumingon sa pinanggalingan na tila matatanaw pa ang inaakalang guni-guni.

He would never forget her face. Hindi mabubura ng maraming taon ang alaala nito. Her hair was shorter but he thought it was Yara. At may kasamang bata?

Napailing siya kasabay ng pagtiim ng bagang. Si Yara ang lason na sumira sa kanila ng kanyang ama.

Nang malaman niya ang tungkol sa pagkamatay nito at ng pangalawa nitong asawa ay nailibing na ang dalawa. Na-guilty siya para sa mga taong nawala sa kanila ng ama.

Nang umalis siya sa poder nito ay ilang buwan siyang nagpalipat-lipat at nakitulog sa mga kakilala. Isang taon halos siyang nahinto sa pag-aaral at nagtrabaho sa iba't ibang fast food chains para lang makaraos.

Nang makaipon ay pinagsabay niya ang pag-aaral at pagtatrabaho. Nang makapagtapos ay nagpalipat-lipat siya ng trabaho bago napunta sa real estate business. Mula sa kita niya ay unti-unti siyang nakapagpundar at nakapagtayo ng sariling real estate company at ang main office ay inilagay

niya sa Cebu. Malayo sa ama.

Hindi miminsang sinubukan niyang kontakin ang ama pero dala ng pride ay hindi niya iyon itinuloy. Bukod doon, pinigilan siya ng kaisipan na hindi na rin naman siya hinanap nito.

Dinampot niya ang gamit at mula sa parking area ay umakyat ng top floor gamit ang elevator.

Nasa puwesto na ang matandang dalagang sekretarya. Kausap nito ang isang security guard.

“Sir, may naghahanap ho sa inyo sa ibaba.”

“Bakit hindi pumanhik?” Kumunot ang noo ni Troy.

Nagkatinginan ang dalawa.

“Masungit daw ho ang receptionist. Hindi pinapapasok kasi walang appointment,” paliwanag ni Vicky, ang sekretarya. “Yun din ho yata ’yung nandito kahapon...”

“Kahapon?”

“Oo, may meeting ka, eh.” Yumuko ito sa planner. “Yara Santos ang pangalan.”

Natigilan si Troy. So she was not an imagination. “At matagal siyang naghintay kahapon?”

Tumango ang babae.

“Let her wait,” aniya at akmang papasok na.

“Sir, may kasama hong bata.”

“Paghintayin mo sa conference room. Bigyan mo ng pagkain.” Tumalikod na siya. Mamayang gabi pa ang meeting niya pero wala siyang planong harapin agad si Yara.



Hindi niya napigilang inirapan ang receptionist nang dumaan sila sa harap nito kasama ang security guard. Inihatid sila ng lalaki sa opisina ni Troy.

Agad sumalubong ang isang maliit at may-edad na babae. Nakangiti agad ito kay Annie.

“Halika, sa conference room kayo maghintay.” Nagpatiuna ito sa tinutukoy na silid.

Maluwang ang silid na may mahabang mesa na kakasya ang may benteng tao. Sa kabilang sulok ay may sofa set. Doon sila pumuwesto.

“Gusto n’yo ba ng pagkain?” tanong nito.

Ngumiti si Yara. “Si Annie na lang po.”

Inabot nito ang bata na agad sumama rito at lumapit sa two-door refrigerator sa gilid na hindi agad niya napansin. May coffeemaker din sa mesa sa tabi niyon.

“Kape?” alok ng sekretarya sa kanya.

Tumango siya at tumayo rin.

Naubos na niya ang pangalawang kape. Si Annie ay nakatulog na ulit sa sofa. Pero wala pa rin ang

anino ni Troy.

Sumandal siya sa sofa at ipinikit ang mga mata. Ayon sa sekretarya, may ginagawa lang ang binata.



Mula sa opisina ni Troy ay may connecting door patungo sa conference room at ang pader niyon ay one-way na salamin. Kanina pa niya nakitang pumasok si Yara bitbit ang batang kamukha nito. Maaaring anak nito iyon.

Ilang taon na ba ito ngayon, twenty-one? Twenty-two? May nakapa siyang panghihinayang dahil napakabata pa nito para magkaanak.

And where is her husband?

Mahigit isang oras nang naghihintay ang dalawa at kita niya ang pagkabagot sa mukha ng babae. Bago siya tumuloy sa conference room ay ilang saglit pa niyang pinagmasdan ang dalawa.

Hanggang balik na lang ang buhok ni Yara na dati ay hanggang baywang. Bukod doon, halos walang nabago. Beautiful and perfectly curved. At minsan na siyang nabiktima ng gandang iyon.

Pumasok si Troy sa conference room pero hindi nagising ang babae sa pagkakaidlip. Bakas ang pagod sa magandang mukha nito. Ang nagising ay ang bata na nakatingin sa kanya.

“Hi.” He smiled awkwardly. Hindi niya naisip na ang paslit ang unang makakaharap. Kumunot-kunot ang noo nito bago bumunghalit ng iyak na nagpagising kay Yara.

“Annie...” Agad nitong kinalong ng babae na tila hindi siya napansin.

Tumikhim si Troy at humarap ito na tila namutla.

“Yara,” malamig niyang banggit.

Humigpit ang yakap ni Yara sa batang umiiyak; tila umaamot ng lakas ng loob.



“Ano’ng kailangan mo?” tanong ni Troy. Nakatayo ito sa harap nila. Taller and broad-shouldered. He was goodlooking back then at ngayon, higit itong magandang lalaki.

Tumikhim si Yara bago tumayo. “Kung nabalitaan mo ang pagkamatay ng mga magulang natin, narito ako para humingi ng tulong.”

Matabang na natawa ang binata. “Of all people, sa akin ka humihingi ng tulong. Is this a joke?” naiiling na sagot nito. “At bakit kita tutulungan? Nakalimutan mo na ba kung paano ako itinaboy ng Papa dahil sa ’yo?”

Mariin niyang naipikit ang mga mata. Nang muling magmulat, naroon pa rin ang nanunumbat

na tingin ng binata.

“Anim na taon na iyon, Troy,” mahinang sabi ni Yara. Alam niyang hindi dahilan ang maraming taong lumipas para patawarin na lang siya basta ng binata.

“Anim na taon ang nasayang sa amin ng Papa, Yara.”

“Hinanap ka ng Tito...”

Umiling ang kausap na parang hindi naniniwala sa kanya.

“Hindi ako narito para sa sarili ko, Troy. I’m here for Annie.” Niyuko niya ang bata na tumigil na sa pag-iyak. Nakatitig lang ito kay Troy habang nakayakap sa kanya.

“What do I have to do with your daughter?” nang-uuyam na asik ng kaharap.

Matabang siyang ngumiti. “Hindi ko anak si Annie. Kapatid ko siya. Kapatid *natin*.”

Tunay ang pagkabiglang lumarawan sa mukha ng binata.

“Ang tagal kang hinanap ng Tito Fred.”

“He didn’t look hard enough.”

“Wala na kaming ibang malalapitan, Troy. Kailangan ka ni Annie.” Pahapyaw niyang ikinuwento ang pag-take over ng uncle nito sa negosyong

naipundar ng kanilang mga magulang.

“Bakit hindi kayo nagpatulong sa abogado?”

Nangangawit na inayos ni Yara ang pagkakakalong kay Annie. “Sinubukan namin, pero ayon sa Uncle Mike mo, nabili niya na ang kompanya mula sa dad mo. Hindi alam ng abogado iyon pero meron siyang mga dokumento. At kumpleto iyon.

“Malaki ang kasalanan ko sa iyo, Troy. Hindi ako maglalakas-loob na lapitan ka kung para sa sarili ko lang. Pero wala na akong ibang matatakbuhan at kailangan ka ni Annie.” Bahagyang nabasag ang boses ni Yara. “She has a weak heart. May mga gamot na kailangan bukod sa regular check-ups. Hindi ko kayang tustusan iyon. Para lang sa bata, Troy, kaya ako naglakas-loob na puntahan ka.”

Hindi ito umimik at sa halip ay ibinaling ang tingin sa bata. “How old is she?”

Bago pa makasagot si Yara ay imuwinestra na ng bata ang dalawang kamay.

Napangiti siya. Kapagkuwan ay sinikap kumawala sa kanya ng bata at inabot si Troy upang magpakalong. Sinaway niya ito pero binuhat ito ng lalaki. Marahan siyang napasinghap nang dumikit ang braso nito sa dibdib niya dahil sa pagkuha sa bata.

Nakakalokong nginitian siya ng binata.

“Iiwanan ko sana sa ’yo si Annie,” aniyang sinikap maging kaswal.

Ilang beses niyang pinag-isipan iyon at kahit gaano man kasakit na malayo sa bata ay iyon ang nakikita niyang pinakamagandang solusyon. “Babalik ako ng Maynila para maghanap ng trabaho.”

Umangat ang mga kilay ni Troy. “That’s your plan, huh? Basta mo lang iiwanan ang responsibilidad sa bata. That’s so you, not taking responsibility,” sarkastikong sabi nito.

“Hindi ko balak ipakargo ang sarili ko sa ’yo, Troy.”

“And I have no plans na kupkupin ka...” Hinagod siya nito ng tingin at gusto niyang mamula nang bahagyang tumagal sa dibdib niya ang mga mata ng lalaki.



Sa conference room sila nagtanghaiyan kasabay si Troy. Sinikap niyang huwag ma-conscious sa presensya nito. His confidence, though intimidating, added appeal to his charm. Ang mahabang buhok nito na dati ay nakatali sa likod nito ngayon ay hanggang kuwelyo na lamang. Sa lahat ng nakita niyang long hair, ito lamang ang mukhang mabango.

Samantala, hindi na niya alam kung ano ang hitsura niya. Kaninang umaga pa siya huling nagsuklay at nagpulbos. Malamang mukha na talaga siyang losyang na yaya ni Annie.



“Nagda-diet ka ba?” untag ng binata.

Tapos na niyang pakainin si Annie at dinala ito ni Vicky sa labas. And she wished he would go away instead of watching her eat.

Nasanay na siyang kumain nang kaunti dahil sa pagtitipid at hindi nagbago iyon sa kabila ng masarap na pagkaing nakahain.

Umiling si Yara. “Mahina lang talaga akong kumain.” Wala siyang maisip na pag-uusapan nila maliban sa half-sister.

“You’ve changed,” anito kapagkuwan.

“I’m not the old Yara anymore, Troy,” malungkot niyang sagot.

Their parents’ death changed her. She was more matured and responsible now.

“But still it won’t change the past...” tugon ni Troy kasabay nang pagtayo. “Pero para sa bata, why not? Ipapahatid ko kayo sa driver sa bahay. May mga gamit ba kayo?”

She was relieved, sa kabila ng guilt.

“Nasa backpack na lahat ng dala ko.”

“Isama n’yo si Vicky. Dumaan kayo sa mall para sa mga gamit ng bata.” Dinukot nito ang wallet at naglabas ng ilang lilibuhin at credit card.

Atubiling tinanggap niya iyon. “Salamat.”



Galing na sila sa mall at sakay na ng sasakyan patungo sa bahay ni Troy. Si Ate Vicky ay idinaan na nila sa opisina. Tulog na si Annie sa kandungan ni Yara. Malungkot na hinaplos niya ang buhok nito saka tumanaw sa labas ng sasakyan.

Mahirap para sa kanya na iwanan ang half-sister pero wala siyang ibang pagpipilian. Hindi siya tatanggapin ni Troy.

Ipinikit ni Yara ang mga mata habang naglalakbay ang isipan sa nakaraan.

CHAPTER *Two*

Six years ago...

Kumunot ang noo ni Yara dahil sa paghahagikgikan ng dalawang kaibigang babae. Kanina pa nagbubulungan ang mga ito at hindi siya makapag-focus sa binabasa.

“Ano ba’ng meron?” Isinara na niya ang binabasang pocketbook. Lunch break nila at nakatambay sila sa shed malapit sa canteen.

“Nakita mo na ba ang transferee?” excited na tanong ni Alyssa.

Umiling si Yara. Impit na nagtilian ang dalawa bago siya hinila patayo. Huminto sila sa may pintuan ng canteen at excited na itinuro sa kanya ng mga ito

ang umookupa ng paborito niyang puwesto, ang pinakasulok na mesa.

Kahit nakaupo, batid niyang matangkad ang lalaki. Hindi kaputian pero guwapo. His hair was tied at the top of his head like a bun.

She rolled her eyes. “College na yan...”

Fourth year high school sila at hindi siya interesado sa mga college boys ng campus na iyon. They were all players. Minsan na siyang nakipagmabutihan sa isang college student at bago pa niya ito pormal na sagutin ay nahuli na niyang may ibang girlfriend.

“Hindi naman lahat kagaya ni Mac,” anang kaibigang si Jillian.

Umismid lang si Yara bago muling bumalik sa shed. Hindi na niya muling tiningnan ang transferee.



Saglit lang tinapunan ng tingin ni Troy ang kaklaseng naupo sa harapan. Unang araw niya sa campus na iyon sa Laguna.

Nang maghiwalay ang mga magulang ay pinili niyang sumama sa kanyang daddy kaysa sa mommy niya na may bago nang kinakasama. Dalawang linggo pa lang silang nakakalipat sa bagong bahay na nabili ng ama. Operations director ito sa isang

malaking fastfood chain ngunit pinili na mag-retire nang makipaghiwalay ang mommy niya.

Muli, naramdaman niya ang pamilyar na galit para sa ina. She was having an affair, at nang malaman ng daddy niya, pinili nito ang karelasyon nito—a man a decade younger than her.

“Tol, ang haba ng vacant. Tara sa *Ambet’s*,” aya ni Vincent. Ang tinutukoy nito ay ang bilyaran/computer shop/burger station dalawang kanto mula sa campus.

“Hindi na. Uuwi na ako. Kumain lang ako.” Wala na siyang balak pasukan ang P.E. subject na pang-alas cinco. Kumain lang siya bago umuwi dahil alam niyang nagmumukmok na naman ang daddy niya at wala siyang daratnang pagkain sa bahay.

“Nakita mo na ba si Snow White?” nakangising tanong ng kaharap.

Kumunot lang ang noo ni Troy at nagpatuloy sa pagkain.

“Galing dito sa canteen, eh. Kasama ’yung dalawang kaibigan.” Inginuso nito ang dalawang dalagang nasa may bukana ng canteen at halatang siya ang pinagbubulungan.

“Hindi ko napansin,” kaila ni Troy. Agad gumuhit sa isip ang imahe ng maputing dalaga na

may mala-anghel na mukha at hanggang baywang na buhok. Nakita na niya ito sa village nila.

Pumalatak ito. “Sayang. ’Yun ang prinsesa ng campus.”

Malamang ito rin ang prinsesa ng subdivision base sa usapan ng ilang kabataang nagba-bike na nakilala niya noong isang linggo.



Walang salitang dinampot ni Troy ang bote ng alak na napangalahati na kanyang ama. Itinabi niya iyon sa basyo ng alak na naubos na nito.

Nakatulog na ang daddy niya sa sofa at siguradong hindi pa kumakain.

Binuksan niya ang ref at lihim na napaungol nang makitang wala iyong laman maliban sa isang pitsel ng tubig at kamatis na nabulok na. Binuksan niya ang cabinet at kumuha ng de-latang corned beef at iginisa nang walang sibuyas.

Bago sila lumipat dito, nagkausap sila na magtutulong para maka-move on mula sa ginawa ng kanyang mommy. Pero heto ang daddy niya, dalawang linggo pa lang ay halos araw-araw na namang lasing.

Tumiim ang bagang ni Troy kasabay ng pagpahid sa namumuong luha.

He had the perfect life—a generous father and a loving mother. Hindi nila nahalata minsan man na may affair ang kanyang ina until his father caught her. Nakita ito ng daddy niya nang mag-check-in sa lobby ng isang hotel kung saan may event ang kompanya ng ama. It was a scandal. And in the heat of the confrontation, his mom chose the younger guy... sa harap ng mga katrabaho ng daddy niya.

Sinubukan siyang kausapin ng mommy niya para humingi ng tawad pero hindi na ito hinarap ni Troy. It was too much to bear.

Dito sa Laguna, inaasahan nila ng daddy niya na makapagsimula silang muli.

Naupo siya at isinubsob ang mukha sa mga palad. Nagulat pa siya nang dumantay ang kamay ng daddy niya sa balikat niya.

“I’m sorry, son.” Naupo ito sa kaharap niyang upuan. “I’m such a disappointment.”

“Please don’t say that, Dad.” Pinahid ni Troy ang luha. “For years, you have been a good father. A good husband. I saw that.” Umiling ito. “It was Mom’s fault.”

“Mababaliw na ako sa kaiisip kung s’an ako nagkulang...” He looked older.

“You’re enough.” Hinawakan niya ang kamay

nito. "Please be my father again. I need you, Dad. Mas kailangan kita ngayon."

He nodded with tears in his eyes. "I'm sorry, son. I'll make it up to you, promise. Tootoo na this time."

"Kaya natin 'to, Dad."

Tumango ito at matamlay na ngumiti. "So, what's for dinner?"

Pinasigla niya ang tinig. "*Corned Beef a la Troy.*"

His father grinned. "Magpa-deliver na lang kaya tayo?"

"Aww, Dad." He faked hurt.

And they both laughed.



Kinabukasan, nagulat pa si Troy nang pagbaba niya ay nakahanda na ang almusal: bacon, hotdog and eggs.

"Wow." Masigla siyang naupo. Noong mga nakaraang araw ay sa school na siya nag-aagahan. "Sabay na tayo, Dad."

"Mag-jo-jogging muna ako. Mauna ka na at baka ma-late ka."

Ngumiti ang binatilyo at tumango. Umaasa siyang magtutuluy-tuloy na silang makabangong muli.



Pasado tanghalian na at muli siyang pumuwesto sa sulok na mesa. Akmang susubo na siya nang may magsalita.

“Excuse me, taken na ang puwestong ito.”

Nag-angat si Troy ng mga mata at walang pag-aatubiling hinagod ng tingin ang kaharap.

Sa malapitan ay higit na maganda ang prinsesa ng campus. Mapupungay ang bilugang mga mata, small upturned nose at labing natural na mapula, lamang ay kinulang sa ngiti. At mahihiya si *Snow White* sa kutis nito. Tama ngang tawagin itong *Snow White* ng mga estudyante roon.

Eksaheradong luminga-linga si Troy. May ilan pang mesa na bakante. Lumawak ang ngiti niya nang tumaas ang kilay nito.

“Wala akong nakitang ‘Reserved’ sign dito n’ung maupo ako. Besides, marami pang bakanteng table. Pero kung gusto mong maki-share, ayos lang din naman.”

“Dito ako lagi pumupuwesto.”

“Sorry, walang pangalan ang table. Besides, I’m famished.” Sumubo si Troy at naaliw na pinanood ito habang ngumunguya. Halo-halo ang emosyon sa magandang mukha nito. “Why not join me?”

Luminga ito sa ibang mesa na kanina ay bakante

pero ngayon ay okupado na.

“I don’t bite,” he urged.

Atubiling inilapag ng dalaga ang tray ng pagkain at naupo sa harap niya. Walang imik na nagsimula itong kumain.

“Baka hindi ka matunawan,” aniya.

“Ha?” Lalong kumunot ang noo ng babae.

“Nakasimangot ka, baka hindi ka matunawan n’yan. You should be grateful kasi ’yung ibang tao walang makain.”

She rolled her eyes. “Wag mo ’kong pangaralan, I don’t even know you.”

“Ahh... style ba ’yan para malaman mo ang pangalan ko?” Ngumisi si Troy.

“Excuse me!” napalakas na sabi nito.

“No, excuse me.” Tumayo siya matapos inumin ang tubig. “Mauuna na ako, Prinsesa Yara.” Bahagya siyang yumukod bago tumalikod dito.



Yara inhaled deeply at kinalma ang sarili. The guy was annoying.

He was definitely goodlooking, pero sa oras na malaman nina Alyssa at Jillian ang ugali nito, siguradong matu-turn off ang dalawa.

May isang subject na hindi niya kaklase ang

dalawa kaya nauuna siyang mag-lunch. She could have chosen another table at gaya ng sinabi ng binata, mayroon pang bakanteng mesa pero pinanindigan niya na ito ang puwesto niya—na totoo naman. Kapag pumasok na siya sa canteen, binabakante ng mga estudyante ang mesang iyon. She took it as her privilege simula nang maging muse ng varsity team at dalawang taong campus queen title holder. Ang campus nila ay taun-taong may prestihiyosong beauty pagent mula sa iba't ibang year level kasama ang college at mula nang sumali siya ay wala pang tumatalo sa kanya.

At kung umakto ang lalaking ito, tila balewala siya. He looked ordinary, straight brows, slanting eyes, straight nose at makipot na labi. Ayaw niyang aminin na iba ang karisma nito.

Must be his man bun, she shrugged.

Ang buhok nito ay bahagyang kulot at nakatali sa tuktok ng ulo nito. *Harry Styles would pale in comparison.*

Naiiling na tinapos na ni Yara ang pagkain, reminding herself na sina Alyssa at Jillian lang ang may crush sa lalaki. Isa pa, ipinangako niya sa mama niya na hindi muna magbo-boyfriend.



Muling itinali ni Yara ang buhok matapos iyong suklayin. Sinulyapan niya ang may-edad na matanda na nasa loob din ng silid at nailing na pinapanood siya mula sa pagtitiklop ng mga nakakalat niyang damit, si Yaya Dulce. Kasama na nila ito mula pa noong maliit siya. Hindi na ito nagkaasawa at kahit matandang dalaga na, masayahin ito.

“Sino ho ba ang bisita ng mama?” tanong ni Yara. Kadarating lang niya mula sa school. Dinatnan niya ang ina na abala sa kusina kasama ang kapitbahay nilang si Aling Nora na katulong nito sa pagluluto.

“Hindi ko rin alam. Mukhang espesyal at nagpatulong pa kay Aling Nora para magluto ng kare-kare.”

Bahagyang kumunot ang noo ng dalaga. Matagal nang biyuda ang kanyang ina at ang tanging pinagkakaabalahan nito ay ang online shop nito ng cosmetics. Madalas itong lumabas kasama ang mga kaibigan at bihirang magkaroon ng bisita sa kanilang bahay. Hindi halatang thirty-nine na ito dahil balingkinitan at maalaga sa katawan.

Sabay silang napalingon ni Yaya Dulce nang bumukas ang pinto at sumungaw ang ina. Nakaligo at nakabihis na ito. Ang suot nito ay pulang sleeveless blouse at white slacks.

“Hindi ka pa bihis?” Kumunot ang noo nito sa suot niyang t-shirt at shorts. Kung mahigpit ito sa kanya noong nabubuhay pa ang papa niya ay higit ngayon.

“Eto na ang gaya ko, Ma.” Niyuko niya ang suot—yellow *Mickey Mouse* t-shirt na nagpatingkad ng kanyang kaputian, at shorts na maong.

Umiling ito. “Magpalit ka ng mas—”

Hindi nito natapos ang sinasabi nang tumunog ang doorbell. Agad itong lumabas ng silid upang salubungin ang dumating.

Nagkibit-balikat si Yara at sumunod na sila ni Yaya Dulce pababa.

Ilang sandali pa, kaharap na nila ang bisita ng mama niya.

Ayon sa ina, dati itong operations director sa isang sikat na fastfood chain. Forty-seven years old, hiwalay sa asawa at may isang anak na lalaki.

Tahimik ang naging hapunan nila maliban sa manaka-nakang kuwento ng mommy niya. Ngayon lang ito may ipinakilalang lalaki at hindi niya gusto ang kutob niya.

“Boyfriend ko na si Fred, Yara...” anang mama niya nang ihain ang dessert.

Naubo siya. “Ngayon n’yo lang ipinakilala sa akin

'tapos boyfriend n'yo na agad?" nabiglang sagot niya.

Hindi sila malapit ng ina. Mas malapit siya sa papa niya na pumanaw dahil sa lung cancer.

"Pasensya ka na, hija, kung ngayon lang ako naipakilala ng mama mo. Naisip kasi namin na 'wag kang biglain," anang lalaki.

"Nagulat ho ako talaga." Yumuko si Yara. Siguradong mamaya ay mapapagalitan siya ng ina.

"Mabait si Fred, Yara. Siguradong magkakasundo kayo. Besides, hindi na kami mga bata para patagalin pa ang lahat." Tumango na lang siya. "Sa katunayan ay magpapakasal na kami sa oras na bumaba ang annulment ni Fred."

"Ho? Hindi ba masyadong mabilis?"

"Hindi na kami mga bata, Yara. Wala akong makitang masama kung nagmamahalan naman kami." Matiim siyang tiningnan ng ina at alam niyang warning iyon.

Tumango siya at tahimik na nagpatuloy sa pagkain.

"Magkakasundo kayo ng anak ko, Yara. Ilang taon ka na ba? He's in college at mahilig sa sports."

"Seventeen ho. At hindi ho ako mahilig sa sports."

"Yara..." saway ng ina.

“Oh, it’s okay. She’s fit kaya akala ko mahilig siya sa sports.”

Hindi na siya muling nagsalita sa kabuuan ng dinner. Umaasa siyang hindi agad maproseso ang annulment ni Fred. Nobody could replace her father.

CHAPTER *Three*

*M*atamlay na hinalo ni Yara ang spaghetti na kaharap. Wala sa pagkain ang atensyon niya. Halos araw-araw nasa kanila ang boyfriend ng mama niya. Si ‘Tito Fred’ gaya ng nais ipatawag nito. At mukhang seryoso ang dalawa sa isa’t isa sa kabila ng pagtutol niya.

Mabait naman si Tito Fred. Nararamdaman niya ang pagnanais nitong makuha ang loob niya at sadyang siya lang ang umiiwas. Pakiramdam ni Yara ay pagtataksil sa kanyang ama kung papapasukin niya sa buhay nila ang lalaki.

“You look so sad.” Mula sa tray ng pagkain ay umangat ang tingin niya sa naglapag niyon.

“This table is occupied,” mataray niyang sagot.

“Nag-iisa ka lang at pang-apat ito. Puno na ang canteen.” Luminga pa ito na ginaya niya.

Sa dami ng estudyanteng pumapasok ay ito lamang ang naglalakas ng loob para maki-share ng mesa niya.

Nagkibit-balikat si Yara at nagpatuloy sa paghalo sa spaghetti.

“Kung hindi mo gusto ang pagkain, ’wag mong sayangin,” puna nito.

She sighed at itinulak dito ang plato ng spaghetti. “Ayan, kainin mo.”

Akmang tatayo siya nang sumulpot sina Jillian at Alyssa at naupo sa dalawang bakanteng upuan sa table na iyon.

“Hi. I’m Alyssa.” Inilahad ng kaibigan ang kamay na tinanggap naman ng binata.

“Troy,” pakilala nito.

“Jillian.” Tila namimilipit sa kilig ang isa pa niyang close friend.

“Mauna na ako.” Tumayo siya.

“Dito ka muna, Yara. Sabayan mo na kaming kumain,” pigil ni Jillian.

“Oo nga, vacant naman. Wala tayong tatambayan,” segunda ni Alyssa.

Walang imik na muli siyang naupo at sinimsim

ang juice. Wala na siyang ganang kainin ang spaghetti. Tahimik lang siyang nakikinig sa dalawang kaibigan na hindi na matapus-tapos ang tanong kay Troy.

“You live in our village,” hindi napigilang komento niya nang sagutin nito kung saan ito nakatira. “Bakit hindi kita nakikita?”

“Hindi rin kita nakikita.” There was a playful gleam in his eyes.

“Minsan pumasyal ka kina Yara kapag nand’un kami, Troy,” ani Alyssa. “P’wede ba this weekend, Yara?”

She rolled her eyes. Napaka-obvious ng dalawa.

“Mag-swimming tayo,” dagdag ni Jillian.

“Magdadala ako ng cake.” Si Alyssa.

“Umoo na ba ako?” masungit niyang asik.

Nagtawanan lang ang tatlo na dumagdag sa inis niya.

“Kung ayaw ni Yara, eh di tayo na lang,” suggestion ni Troy. There was challenge in his eyes.

“Bahala kayo,” aniya. “Mauuna na ako sa library. May ire-research lang ako.” Tumayo na siya at mabilis na tumalikod.



Kahit kinakabahan, ayaw niyang tanggapin sa

sarili na excited siya nang araw na iyon. Kagabi pa umuusok ang linya ng telepono nila dahil sa dalawang kaibigan. Excited ang mga itong mag-swimming dahil sasama raw si Troy.

Pinatungan niya ng tank top at maong shorts ang suot na one-piece swimsuit. Neon pink iyon na lalong nagpatingkad sa kanyang kaputian. At kahit one-piece, malalim ang hukab niyon sa likod.

Dinampot niya ang bag nang tawagin siya ni Yaya Dulce. Nasa ibaba na raw sina Alyssa at Jillian.

“Hindi ba muna kayo magmemeryenda?” tanong ng mama niya.

“Sa pool area na lang po, Tita,” sagot ni Jillian. Halatang nagmamadali ang mga ito.

Inilagay niya ang container ng carbonara sa ecobag at sumunod sa mga ito. Ang clubhouse ay katabi ng pool area at tatlong kanto lang mula sa kanila. Tuwing weekends ay may mangilan-ngilang naliligo sa pool at sa tuwina, dinadayo siya ng mga kaibigan. Pero sa pagkakataong iyon, alam niyang hindi siya ang dinayo ng mga ito kundi si Troy.

Mabilis ang mga hakbang ng dalawa at nauuna sa kanya. Nagulat pa siya nang may umagapay sa kanya.

“Hey there.” Si Troy na sakay ng bike nito.

“Nakita ko kayong dumaan.” Naka-sando ito at boardshorts. Gaya ng dati, nakatali ang buhok nito.

Bago pa siya nakasagot ay lumingon na ang mga kaibigan at duwetong tinawag ang pangalan ng binata.

“Akala namin hindi ka darating,” sabi ni Alyssa.

“I told you I’d come,” anang lalaki pero muling bumalik sa kanya ang mga mata. “Let me help you.” Kinuha ng lalaki ang dala niya at isinabit ang ecobag sa manibela ng bisikleta nito.

Tahimik siyang nagpatuloy sa paglakad samantalang ang dalawang kaibigan ay pumuwesto na sa magkabila ni Troy.

Inilapag nila ang mga gamit sa mga lounge chairs. Agad nagyayang maligo ang dalawa. Parehong naka-two-piece bikini ang dalawa at pinigil niyang magkomento.

Matapos isandal ang bike sa gilid, hinubad lang ni Troy ang sando nito and joined the two in the pool. Naupo siya sa lounge chair at inilabas mula sa bag ang isang libro.

“Yara!” tawag ni Alyssa. “Halika na!”

“Join us,” aya ni Troy.

Hanggang baywang nito ang tubig at kusang naglakbay ang mga mata niya sa katawan nito. He’s

not so skinny, after all. Malalapad ang balikat at maganda ang hubog ng katawan. Tumikhim ito at nag-iwas siya ng tingin.

“Mamaya na lang...”

“Mainit na ang araw mamaya. Ang sabi ni Troy, sa kanila tayo mag-lunch,” imporma ni Jillian na umahon na pala at nasa tabi niya.

Nagulat pa si Yara nang bigla siya nitong hilahin patayo patungo sa tubig. Tumatawang umahon din si Alyssa at pinagtulungan siyang itulak ng dalawa sa tubig.

“Wait...” tili niya ngunit tuluyan siyang naihulog ng dalawa sa tubig.

And Troy was there to catch her. Nahulog siya payakap sa binata. Ang mga kamay nito ay nasa baywang niya. Inihilamos niya ang isang kamay sa nabasang mukha samantalang ang isang kamay ay nasa nabasang libro. “Look, binasa n’yo ang libro ko,” singhal niya sa dalawa.

Unconscious siya sa pagkakadikit nila ng binata. Ang dalawang kaibigan ay tila tuwang-tuwa pa. Bumaling siya sa likuran at halos magkadikit na ang mga mukha nila ni Troy. Napapahiyang lumayo siya sa binata at muling nilingon ang dalawang kaibigan na naghahagikgikan.

“Bagay pala kayo,” komento ni Jillian. “Sige, maggi-give way na ako.” Muling nagtawanan ang mga ito.

“Binasa n’yo ang book ko,” ulit niya para pagtakpan ang pagkapahiya saka humakbang sa gilid ng pool.

Inilapag niya roon ang libro bago sumampa at naupo sa gilid ng pool. Nakasimangot na piniga ni Yara ang suot na tank top bago hinubad at muling nagtama ang mga mata nila ng binata. He looked amused. Lumapit ito sa gilid niya at dinampot ang nabasang libro.



“Mahilig ka pala sa suspense,” komento ni Troy at muling ibinaba ang libro sa tabi ng dalaga.

She looked annoyed and embarrassed at the same time and he found it cute. Hindi sumagot si Yara at lalong sumimangot. Nilinga niya ang dalawang kaibigan nito na nakaupo sa lounge chairs at nagbubungisngisan.

Sigurado siyang kung hindi dahil kay Yara ay hindi siya pupunta rito. He wanted to see her. She was like a bright light drawing him near. He liked her pout, higit lalo ang ngiti nitong napakatipid para sa kanya.

“Minsan horror...” sagot nitong hinubad ang suot na tank top.

Alam niyang hindi ito nagpapapansin sa kanya sa ginawi nito but still, he couldn't help notice. Her young body was perfectly curved in her one-piece conservative swimsuit. Ang maputi at makinis na mga binti nito ay halos abot-kamay niya.

Nag-iwas si Troy ng tingin as he felt his body react.

“My dad loves to read.” Bumaling siya paharap sa pool upang mawala ang atensyon dito. “You should see his collections.”

“Anu-ano?”

“Lahat... even Romance.” He grinned.

“Really? Ikaw ba hindi?”

“Nope. I love outdoor sports. Swimming... badminton... biking.”

“Kaya maitim ka...” pintas ng babae bagaman may maliit na ngiti sa mga labi.

Ngumisi si Troy. “So, sa bahay kayo magla-lunch?” tanong niya.

Hindi agad ito sumagot.

“My dad cooks the best steak and pasta.”

“Mas masarap sa carbonara ng mama ko?”

“P'unta ka para malaman mo.” Humarap siya

rito. He stared at her pretty face. *This must be how angels look like.*

“Magpapaalam muna ako sa Mama,” sabi nitong nagbaba ng tingin.

“Oy, tama na ’yan! K’ain na tayo...” aya ni Alyssa.

Mabilis na tumayo ang dalaga at sumunod na siya rito.



Naunang nadadaan ang bahay nina Troy at napagkasunduan nila na susunod na lang ang mga babae pagkatapos maligo kina Yara. Tinanaw niya ang mga ito habang palayo, bago pumasok sa gate nila.

“You look happy...” bati ng ama.

“I’m happy.” He shrugged. “Dad, may mga bisita akong magla-lunch dito. May food ba tayo?” Binuksan niya ang ref.

“Ilan ba?”

“Three girls.” Lumawak ang ngiti niya nang tumaas ang kilay ng ama.

“At isa ba roon ay girlfriend mo?”

“Nah...” tanggi niya, pero ang mukhang tila anghel ang agad sumagi sa kanyang isip. “She’s too young. Saka ikaw na lang muna ang mag-love life.”

Alam niyang may nobya na ang ama sa village

nila. Hindi pa nga lang niya name-meet dahil laging nagkakaroon ng conflict sa schedule.

Humalakhak ito. “By the way, you should meet her daughter. Pretty. Sa palagay ko ay magkakasundo kayo.”

Tumaas ang kilay ni Troy. *May mas gaganda pa ba kay Yara sa village na ito?* “Ang s’abi mo, medyo suplada?”

“Well, naiintindihan ko naman siya. Ang s’abi ni Alice, malapit si Yara sa pumanaw na ama.”

“Yara?”

“Oo, Yara. Yara Isadora Santos. Nagkakilala na ba kayo?”

“Well, hindi ko alam kung ilan ang Yara sa village na ito, pero may kilala akong Yara.”

“Slim? Fair? Mahaba ang buhok?” tanong ng ama.

Alanganin siyang tumango. “She’s coming over for lunch, Dad.”

Nakaramdam si Troy ng panlulumo. Kung hindi nito lubos na tanggap ang relasyon ng mga magulang nila, paano sila magiging malapit?



They were laughing nang mag-doorbell sa bahay nina Troy. Agad iyong binuksan ng binata. Ngumiti

ito nang magtama ang tingin nila.

“Pasok kayo...” anyaya nitong niluwangan ang bukas ng gate. “Sa lanai tayo sa likod.” Nagpatiuna ito.

Nakatalikod ang lalaking dinatnan nilang nag-iiahaw ngunit pamilyar ang tindig nito. Nakangiting lumingon ito.

“Hi, Yara,” sabi nito.

“This is my dad,” pakilala ni Troy. “Dad, sina Jillian at Alyssa, and of course, Yara.”

Nawala ang ngiti ng dalaga. Bigla siyang naguluhan. Alam ng mama niya na rito siya pupunta, sinabi niya ang buong pangalan ng binata kaninang nagpaalam siya. Pero hindi man lang nito sinabi ang totoo.

At si Troy? Alam ba nito ang tungkol sa daddy nito at mama niya?

“Hindi ko alam na ikaw ang anak ni Tita Alice, kanina ko lang nalaman,” agad na paliwanag ng binata na tila nahulaan ang iniisip niya.

“I...” Hindi niya alam ang sasabihin.

“Please stay, Yara.” Nakikiusap ang mga mata ni Troy. “Masarap ang grilled steak ng Dad. Saka mac and cheese.”

“Yes, please don’t go, Yara,” segunda ni Tito Fred.

“Stay na tayo, girl.” Si Jillian.

“Nakakahiya kay Tito, pawis na sa pag-barbeque,” susog ni Alyssa na tinawanan ng mag-ama.

“Yes, binigla ako ni Troy na may bisita siya,” ani Tito Fred. Matipid siyang ngumiti.

Iginiya sila ng binata sa mesa sa gilid. May katabi iyong maliit na pond na may ilang koi fish. Sa kabilang sulok ay may maliit na grotto ni *Virgin Mary*.

Naupo si Troy sa tabi niya matapos ilapag ang plato ng kanin.

“We’re still friends, right?”

Sumimangot si Yara. “Nag-swimming lang, friends na agad?”

Humalakhak ito at muling tumayo para tulungan ang ama. Tumayo rin ang dalawang kaibigan at napilitan na rin siyang sumunod. Tinulungan nila ang mag-ama sa paghanda ng pananghalian nila. May grilled steak, mac and cheese, potato salad at inihaw na sugpo.

“You prepared all these in short notice?” namanghang tanong ng dalaga.

“May laman naman ang ref so thankfully, hindi ko kinailangang tumakbo sa palengke,” sagot ni Tito Fred. “Medyo atrasado nga lang nang kaunti

ang lunch natin.”

“It’s okay. Nagmeryenda naman po kami sa pool kanina.”

Fred smiled gently at nag-iwas si Yara ng tingin, kaso nagtagpo naman ang mga mata nila ni Troy.

He smiled and she rolled her eyes. They’re still not friends.

CHAPTER *Four*

Bagaman hindi niya masyadong kinakausap si Troy ay madalas pa rin itong maki-share ng mesa niya sa canteen. Sometimes they would eat in silence. Ang daddy nito ay madalas pa rin sa kanila. She was civil but distant. Dalawang beses na rin nitong naisama si Troy upang maghapunan sa bahay nila.

Ang malaking pagbabago sa kanila ay dumating makaraan ang halos isang taon. Bumaba na ang desisyon sa annulment case ni Tito Fred. Their parents wed in a civil ceremony.

Nang sumunod na buwan, ibinenta ng mama niya ang bahay nila at wala siyang choice kundi pumisan na rin sa bahay ng mga ito. Binili ni Tito

Fred ang katabing bakanteng lote at nagpagawa ng extension para sa dalawang kuwarto pa at pool.

Sina Jillian at Alyssa ay halos linggu-linggong bumibisita roon. Tulad ngayon, pero wala si Troy kaya maagang nagpaalam ang dalawa. Naiwan si Yara sa pool area at nagulat pa nang may dumantay sa balikat niya.

“Sorry...” nakangising sabi ni Troy.

He would always be the boy with an easy smile. Naupo ito sa tabi niya kasabay ng pag-abot ng paperbag.

Kumunot ang noo niya. “Ano ’to? Hinintay ka nina Jillian.”

“Nakaalis na ba?” Nahulaan niyang sinadya nitong umalis sa klase ng pagkakangiti nito. “Bakit hindi ka gumaya sa dalawang iyon...”

“Anong gumaya?”

“Laging nakadikit sa akin... panay ngiti.” Lumawak ang ngiti nito, namimilyo ang mga mata.

Winisikan niya ito ng tubig. “Excuse me, hindi kita type.”

Namilog ang mga mata ng kaharap. “Wala naman akong sinabi... hindi ko naisip ’yan! Bakit mo naisip ’yan?”

Inilapit nito ang mukha sa kanya. Nag-iinit ang

mukhang tumayo si Yara at pumuwesto sa bakanteng upuan.

“Ano ba ’to?” Niyuko niya ang paperbag at binuksan upang pagtakpan ang pagkapahiya. Humalakhak ang binata at tumayo sa gilid niya.

Tumambad sa kanya ang bagong kopya ng librong nabasa noong unang nag-swimming sila. Kasama niyon ang dalawa pang libro ng kaparehong author.

Napangiti si Yara at tumingala sa lalaki. “Hindi mo kailangang bilhin lahat ’to.”

“Mag-‘thank you’ ka na lang.”

“Thank you,” sabi niya saka muling yumuko. Hindi niya maipaliwanag ang tambol ng dibdib tuwing makikipagtitigan siya sa binata.

“You’re welcome. At salamat sa ngiti.” Tumalikod na ito bago pa siya muling nakasagot.

“Kay Troy ba galing ’yan?” Nakasalubong niya ang mama niya nang paakyat na siya sa silid. “Nakita ko kayo sa pool area kanina.”

“Opo, Ma. Nabasa kasi ang kopya ko noong nag-swimming kami dati.”

“Gusto kong lagyan mo ng distansya ang sarili mo kay Troy.”

“Ma?”

“He’s goodlooking. Ang mga kaklase mo ay alam kong gusto siya. Ikaw rin ba?” walang paliguy-ligoy na tanong nito.

“Hindi po, magkaibigan lang kami.”

“Dalaga ka na, Yara. Hindi magandang makikipaglapit ka kay Troy kahit nasa iisang bahay kayo. Hindi kayo magkadugo. Pagdating ng college, ililipat kita ng school at ititira sa boarding house.”

“Mali kayo ng iniisip, Ma. Wala naman pong namamagitan sa amin ni Troy.” Napayuko si Yara.

Tila may sasabihin pa ang mama niya nang bumukas ang pinto at pumasok ang kanyang Tito Fred. Nakangiting sumalubong ang mama niya rito.

Pumanhik na siya sa silid at kunwaring hindi napansin ang marahang paglapat ng pinto ng silid ni Troy. Narinig sigurado nito ang usapan nilang mag-ina.

“Bakit, crush mo rin ba si Troy?” tanong ni Alyssa nang nasa library sila at maikuwento niya rito ang sinabi ng mama niya.

“Hindi ’noh!” napalakas na sagot niya.

“Eh, bakit nasabi ng mama mo iyon?” Si Jillian. “Pero kunsabagay, para kasing iba ang trato sa ’yo ni Troy kaysa sa amin kapag magkakasama tayo.”

Kumunot ang noo ni Yara. “Walang kakaiba.

Nilalagyan n'yo lang ng malisya kasi ikinuwento ko ang pag-uusap namin ni Mama. Saka tama ang Mama, hindi kami magkapatid.”

“Hmm, palagay ko rin naman, hindi mo gustong maging kapatid si Troy.”

“Oo. I don't even like him as a friend,” mabilis niyang sagot.

Hindi kumbinsidong tumahimik ang dalawa. Hanggang maghiwa-hiwalay sila ay ipinagpipilitan ng mga kaibigan na iba ang trato ng binata sa kanya.



“Hindi mo na naman ako kakausapin...” ani Troy nang maupo sa tapat niya sa paborito niyang mesa sa canteen.

“Wala naman akong sasabihin sa 'yo.” Ipinagpatuloy ni Yara ang pagkain.

“Narinig ko n'ung kausapin ka ng Tita sa bahay. At di mo na ako kinakausap sa bahay, pati ba naman dito?”

“Ayoko lang na may masabi pa ang Mama.” Ayaw niyang lumipat ng school at mag-board pero hindi na niya isinatinig iyon.

“Wala naman tayong ginagawang masama. Saka wala akong intensyong masama sa 'yo, Yara.” Seryoso ang mga mata ng lalaki.

“Alam ko.” Yumuko siya. “Istrika kasi ang Mama, Troy. Ayaw ko lang na lalo niya akong higpitan kung hindi ko susundin ang mga gusto niya.”

“Alright...” Akala niya, tatahimik na ang binata pero muli itong nagsalita. “May escort ka na ba sa foundation ball?”

Natawa si Yara. “Iaalok mo ba ang sarili mo?”

“Yes.” Muli, seryoso ang mga mata ni Troy at lalong hindi niya kayang tagalan ang titig nito.

“Bakit hindi ka sa mga kaklase mo humanap? High school lang kaya ako. Ang tanda mo na.” She smiled cheekily.

“Oy, seventeen ka na at twenty-one lang ako.”

“Pag-iisipan ko...”

“Pumayag ka na, wala ka nang makikitang singguwapo ko rito.”

Napailing siya habang tumatawa. “Yabang.”

“Sige na. Pagkakataon ko na itong maisayaw ang prinsesa ng campus.”

Nakangiting tumango si Yara. “Oo na, baka maiyak ka pa.”



Ang usapan nila ay hindi natuloy. Hindi siya pinayagan ng mama niya na pumunta. Hindi siya sigurado kung dahil nalaman nitong si Troy ang

magiging escort niya.

Troy went alone. At siya ay naiwang mag-isa sa bahay. Ang Tito Fred at ang mama niya ay may dinaluhang kasalan at ang Yaya Dulce naman niya ay umuwi sa pamangkin nito.

Pagkatapos maghapunan, muli na siyang bumalik sa silid niya. Nasa kalagitnaan siya ng binabasang libro nang makarinig ng katok.

“Hi...” ani Troy. Tila nakainom ito.

“Ang aga mo yata...” Nilinga niya ang relo sa tabi ng kanyang kama. Alas ocho pasado lang.

“Wala akong kasayaw, eh.” Sumandal ito sa hamba ng pinto.

“Sina Jillian?”

“Andoon pa.”

“Ah, okay.” Hindi niya alam kung ano pa ang sasabihin. Maliban noong sinalo siya ng binata sa pool, ito ang pinakamalapit nilang pag-uusap ng lalaki. At tila ayaw niyang lumayo.

“Puwede ba kitang maisayaw?”

Natawa si Yara. “Nakainom ka lang yata, eh. Saka walang tugtog.”

“I’ll sing...” Napasinghap siya nang abutin ng binata ang baywang niya at hapitin siya. Ang kaunting distansya sa pagitan nila ay tuluyang

nawala and she'd rather die than move away from him.

*“You said it again,
My heart’s in motion
Every word feels like a shooting star
I’m at the edge of my emotions
Watching the shadows burning in the dark.”*

Maganda ang boses ng lalaki at kusa niyang idinikit ang pisngi sa dibdib nito. There was a small smile on her lips.

*“And I’m in love
And I’m terrified
For the first time
In the last time in my only life.”*

“Terrified yet I want to kiss you, Yara,” he whispered as he gaze at her face.

“Troy...” Ang protesta niya ay napigil nang dumampi ang mga labi nito sa noo niya, bumaba sa ilong, bago tuluyang dumerecho sa mga labi niya.

It was her first kiss. His lips were soft and hesitant. Ipinikit niya ang mga mata at kahit nalalalahan niya ang alcohol sa mga labi ng binata, hindi niyon napigilan ang pagtugon niya sa halik. Mahigpit siyang napakapit sa balikat nito nang lumalim ang halik na iyon.

“Yara...” bulong nito kasabay ng pagsandal sa kanya sa pinto ng kuwarto niya. At dahil hindi naman iyon nakalapat ay dumerecho sila papasok ng silid at muntik pang matumba.

She giggled. Natawa rin ang binata bagaman seryoso ang mga matang nakatitig sa kanya.

Hinaplos nito ang mukha niya. “So beautiful. I could go on kissing you...”

“Nababaliw na tayo...” Si Yara man ay tila ganoon ang nararamdaman.

Naupo sila sa gilid ng kama niya at muli, inangkin ng binata ang mga labi niya. His hands cupped her face.

“We can never be friends,” he said in between kisses. “Because I knew I always I wanted you more than that.” Ngumiti siya at hinaplos ang mukha nito. “Pareho ba tayo ng nararamdaman?”

Tumango siya at lumawak ang ngiti ng lalaki.

“Let me kiss you again...” anito saka mapusok siyang hinagkan.

She was a fast learner. She was kissing him with the same passion. Ang isang kamay nito mula sa mukha niya ay bumaba sa baywang niya.

Lalong humigpit ang pagkakayakap niya sa binata nang bumaba ang halik nito sa gilid ng

kanyang tainga at ang kamay ay tumaas sa dibdib niya. Hindi na niya namalayan kung paano nito natanggal ang hook ng kanyang bra. He rolled her nipple between his fingers and a soft moan escaped her lips.

Tila inaapoy ang pakiramdam ni Yara and she wanted more than touching. Sa wari ay naramdaman iyon ni Troy at bumaba ang halik nito sa dibdib niya. His warm tongue gently licked before suckling.

“Troy...” tawag niyang tila nalulunod. Nag-angat ito ng mukha mula sa kanyang dibdib at inihiga siya sa kama.

Alam niyang may mali sa ginagawa nila pero pareho silang nadadarang ng pagnanasa para sa isa't isa at ang matinong kaisipan ay tila limot na. Pumuwesto ito sa ibabaw niya para muli siyang hagkan.

“Troy!” Dumadagundong ang boses na iyon.

“Yara!” Magkasabay ang sigaw ng mama niya at daddy nito.

Mabilis niyang itinulak ang binata at tumalikod dito habang inaayos ang sarili.

“What’s happening here? Kailan n’yo pa ito ginagawa?” Sinampal siya ng ina.

Napaiyak na sumiksik si Yara sa sulok.

“It’s not her fault,” sabi ni Troy na tila nawala ang bahagyang pagkalasing.

“Did he force himself on you, Yara?” Pigil ang galit ng dad ni Troy.

Napatingin siya sa binata. Puno ng pagsisisi ang anyo nito. Gusto nga ba talaga siya ni Troy nang higit sa pagiging kaibigan, o nakainom lang ito at siya naman ay nagpatangay?

“May relasyon ba kayo? Pinilit ka ba ni Troy?” ulit ni Tito Fred. May panic na sa tinig nito.

Ang mama niya ay tila namumutla. May isang ideyang pilit pumapasok sa kanyang isip. Ang kasagutan niya ay maaaring makasira sa relasyon ng dalawang taong kaharap niya—ng pagtingin ng mama niya sa Tito Fred niya na pilit pumapalit sa puwesto ng tunay niyang ama.

“Wala po kaming relasyon.” Napatungo si Yara. “Pinilit niya ako,” sabi niya sa maliit na boses kasabay ng paghagulgol.

Nag-angat siya ng mukha nang suntukin si Troy ng ama nito. Sabay silang napatiling mag-ina.

“Tama na po, Tito,” awat niya na hinawakan ang matanda.

“You seduced my daughter!” duro ng mama niya sa binata.

Napayuko si Yara nang pukulin siya ng nanunumbat na tingin ni Troy.

“Umalis ka na bago pa kita masaktan ulit,” galit na asik ng ama nito makalipas ang ilang sandaling katahimikan.

Naiiling na tumayo ang binata saka bumaling sa kanya. “Hindi ko kailanman ipinilit ang sarili ko sa iba. Really, Yara...” His face was full of hurt. “And you won’t hear my side, Dad?” baling nito sa ama.

Nang hindi sumagot ang matandang lalaki ay walang paalam na lumabas ng silid si Troy.

Her mother hugged her while she cried her heart out.

What started beautiful turned ugly because of her. Pero kung sasabihin niya ang totoo, malamang pareho silang mapalayas ni Troy. Natatakot siyang saktan ang mama niya oras na sabihin niyang gusto niya ang namagitan sa kanila ng anak ng asawa nito.

Troy never came back. Hindi na rin ito pumasok sa campus. Kahit anong kulit nina Alyssa at Jillian na malaman kung bakit ito umalis ay wala siyang sinabi. Tama na ang kasinungalingan niya nang gabing iyon.

Hindi siya kinakausap ng mama niya. Ang Tito Fred naman niya ay tahimik din lang. Ang pagsasama ng mag-asawa ay nagkakaroon ng lamat

dahil sa kanya. Iyon naman talaga ang gusto niya pero bakit ang bigat ng dibdib niya?

And she wanted Troy to come back, para makahingi siya ng tawad. Para maitama niya ang nangyari. Iniisip ni Yara na babalik din ang lalaki, pero tatlong buwan na ang lumipas ay wala pa rin ito.

“Tito...” Nilapitan niya ang stepfather habang naglilinis ito ng sasakyan. “Mag-almusal na po kayo.” Sabado nang araw na iyon at nasa supermarket ang mama niya.

“Sige, susunod na ako.”

“May balita na po ba kay Troy?” mahinang tanong ni Yara. Walang bumabanggit sa pangalan nito sa mga nakalipas na buwan.

Natigilan ito at agad namasa ang mga mata. “Wala,” malungkot nitong sagot. “Nagpadalus-dalos ako...”

“Kasalanan ko po ang lahat, Tito,” alumpihit siya. “Hindi po ako pinilit ni Troy...” napayukong amin ng dalaga.

“Alam ko.”

Natigilan si Yara. “Pero bakit...?”

“Natakot akong masira ang relasyon namin ng mama mo. I saw her that night. She was so furious with my son. Hindi ako naging patas nang gabing

iyon. I chose her nang hindi nag-iisip. Ni hindi ko hiningi ang paliwanag ng anak ko.”

“Pinili ko ang ideya na magkakasira kayo ni Mama... at natakot din po ako sa Mama. And Troy looked unsure kaya naisip kong hindi namin mapapanindigan ang namagitan sa amin.”

“Troy liked you. Noon pa, lagi ka na niyang ikinukuwento tuwing uuwi siya galing school. That he had shared a table with the campus princess.” Gumaralgal ang boses ng matanda. “Gusto niyang magkalapit tayo para hindi ka na umiwas sa kanya. I know I can never take the place of your father, at wala akong planong palitan siya sa buhay mo. He *is* your father. But I’m your stepdad and I can love you the way he did. Kung bibigyan mo ako ng pagkakataon...”

Pinahid ni Yara ang luhang pumatak. “I’m so sorry po, Tito. Kakausapin ko po ang Mama. Please hanapin natin si Troy...” Napahagulgol na siya.

“We will...” Niyakap siya ng matanda.



Nang kausapin ni Yara ang ina ay tinangka nitong umiwas. Tila nahuhulaan nito ang sadya niya at ayaw nang pag-usapan pa iyon.

“Ma, please. Ako ang may kasalanan kaya umalis

si Troy.” Pinigil niya ito nang subukang lumabas ng kusina. “Hindi puwedeng lagi na lang nating iwasang pag-usapan.”

“Wala na tayong dapat pag-usapan. Pinilit ka niya kaya pinaalis siya ni Fred.”

“Hindi niya ako pinilit, Ma. I like him. Pero gusto ko ring masira ang relasyon n’yo ng Tito Fred. I was selfish to use that chance.”

Nakatitig lang sa kanya ang ina. Pagkatapos, marahan itong naupo sa bangko at isinubsob ang mukha sa mga kamay. “Mali ba ang pagpapalaki ko sa iyo?” tanong nito kapagkuwan.

“Hindi, Ma.” Naupo si Yara sa tabi nito. “Nagkakagustuhan kami ni Troy at nagpatangay kami. Kami ang nagkamali, Ma.”

“You’re my baby. Gusto kong isiping pinilit ka na lang niya... kahit nararamdaman ko ang totoo. Kahit nakokonsyensya ako na wala akong ginawa nang palayasin siya ni Fred.”

“Kailangan nating harapin ang totoo, Ma. It will save us all. Lahat tayo may kasalanan kay Troy. Please, let’s find him.” Hinawakan niya ang kamay nito.

“When did you grow up so smart?”

Natawa si Yara. “I’m your daughter, I’ll grow up

smart just like you.”

“I’m sorry.”

“For what?”

“Dahil hindi kita inunawa. Inuna ko ang emosyon ko. And now, it’s a mess.”

“Maayos ang lahat, Ma. We’ll find Troy,” she said confidently.



Pero hindi iyon nangyari. Fred hired private investigators ngunit tila bulang naglaho ang binata. Walang makapagsabi kung nasaan ito. Kahit sinubukan nilang maging masaya ay hindi naging kumpleto ang kaligayahang iyon.

Ang pangungulila kay Troy ay nabawasan lamang nang makalipas ang tatlong taon ay nagbuntis ang mama niya. Pansamantalang natigil ang paghahanap kay Troy. Makalipas ang walong buwan lamang ay ipinanganak nito si Annie. Kahit normal delivery ay premature at may komplikasyon sa puso ang bata. Hindi birong halaga ang ginastos upang maoperahan ito.

Akala ni Yara, tapos na ang pagsubok sa kanila ngunit makalipas lamang ang isang taon ay sabay na binawian ng buhay ang ina at stepfather niya dahil sa isang road accident.

And she watched helplessly while her world collapsed. Lahat ay nawala. Tanging siya na lang at si Annie.

Ang mga taong inaasahan niyang dadamay sa kanila ay wala na lalo nang pumanaw ang abogado ng Tito Fred niya.

Nagpalipat-lipat pa muna siya kay Alyssa at Jillian kasama si Annie bago siya nagdesisyon na puntahan ang address sa Cebu.